

Door-to-door na pagbebenta at telemarketing

Isang factsheet sa iyong mga karapatan sa ilalim ng Australian Consumer Law

Mayroon kang karagdagang mga proteksyon kapag bumibili mula sa mga salesperson ng door-to-door at telemarketing. Ang ganitong mga uri ng pagbebenta ay tinatawag na hindi hininging kasunduan ng consumer.

Ano ang isang hindi hininging kasunduan ng consumer?

Hindi hingi ang isang kasunduan kapag mayroong salesperson na lumapit o tumawag sa iyo nang hindi mo hinihiling sa kanila, at nagbebenta sila ng produkto o serbisyo na nagkakahalagang \$100 o higit pa.

Halimbawa, hindi hingi ang isang kasunduan kung nagresulta ito mula sa:

- pagkatok ng isang salesperson sa pinto ng iyong bahay
- pagtawag sa iyo ng isang telemarketer
- paglapit sa iyo ng isang salesperson sa kalsada.

Mga proteksyon ng consumer

Ang isang salesperson na kumakatok sa iyong pinto ay dapat na:

- magsabi sa iyo kung bakit siya bumibisita
- magpakita ng pagkakakilanlan
- magsabi sa iyo na maaari mong sabihin sa kanya na umalis sa anumang oras
- magsabi sa iyo kung ano ang iyong mga karapatan sa panahon ng cooling-off
- magbigay sa iyo ng nakasulat na kopya ng kasunduan na mayroong mga detalye ng pagkontak sa kanila

Anong oras maaaring makipagkontak ang mga salesperson?

Hindi ka maaaring kontakin:

- sa araw ng Linggo o pampublikong pista opisyal
- bago mag-alas 9 n.u. o pagkaraan ng alas 6 n.g. (alas 8 n.g. para sa telemarketing) Lunes hanggang Biyernes
- bago mag-alas 9 n.u. o pagkaraan ng alas 5 n.h. tuwing Sabado.

Naaangkop ang mga oras na ito sa lahat ng door-to-door at telemarketing na pagbebenta, kahit na nagkakahalaga ang kasunduan nang mas mababa sa \$100.

Maaari mong sabihin sa isang door-to-door na salesperson na umalis sa anumang oras. Dapat nilang igalang ang iyong kahilingan at agad na umalis. Kung hindi sila umalis, tumawag sa pulisya at ireport sila sa iyong lokal na ahensya ng proteksyon sa consumer.

Maaari mong babaan ng telepono ang telemarketer anumang oras. Isaalang-alang ang paglalagay ng iyong mga numero ng telepono sa Do Not Call Register, na ginagawang ilegal para sa karamihang mga telemarketer na tawagan ka. Tingnan ang www.donotcall.gov.au.

Maaari ba akong makalabas sa isang kasunduan?

Kung nakagawa ka ng hindi hininging kasunduan sa consumer, mayroon ka pa ring 10 araw ng negosyo upang magbago ng isip at kanselahin ito. Tinatawag itong panahon ng cooling-off.

Kung kinansela mo ang isang hindi hininging kasunduan sa consumer sa loob ng panahon ng cooling-off, wala kang kailangang bayaran.

Kung ginawa mo ang kasunduan sa telepono, dapat kang padalhan ng negosyo ng nakasulat na kasunduan sa loob ng limang araw ng negosyo. Magsisimula ang panahon ng cooling-off sa sandaling matanggap mo ang nakasulat na kasunduan.

Hindi mo maaaring isuko ang iyong karapatan sa panahon ng cooling-off. Labag sa batas para sa isang salesperson na kumbinsihin kang gawin iyon.

Panustos at kabayaran

Sa pangkalahatan, para sa isang hindi hininging kasunduan sa consumer, hindi maaaring magbigay ang isang negosyo ng mga produkto o serbisyo, o tumanggap ng anumang kabayaran o deposito, sa panahon ng cooling-off.

Mayroong isang pagbubukod sa patakarang ito – maaaring magbigay ang isang negosyo ng mga produkto hanggang sa halagang \$500 sa panahon ng cooling-off. Gayunpaman, hindi sila maaaring tumanggap ng kabayaran para sa mga produkto.

Kung binigyan ka ng isang negosyo ng mga produkto sa panahon ng cooling-off, hindi mo pagmamay-ari ang mga iyon hanggang sa mabayaran mo ang mga iyon. Kung piliin mong kanselahin ang kasunduan sa loob ng panahon ng cooling-off, dapat mong panatiliin ang mga iyon sa mahusay na kundisyon at gawing makatuwirang nakahanda ang mga iyon para makolekta ng negosyo. Kung hindi nila kolektahin ang mga iyon sa loob ng 30 araw, maaari mong itabi ang mga iyon nang libre.

Factsheet

Pagkansela sa kasunduan

Maaari mong kanselahin ang isang hindi hininging kasunduan sa consumer sa pamamagitan ng pagsasabi o ng sulat. Kung mayroong hindi pagkakaunawaan tungkol sa kung kinansela mo ang kasunduan o hindi, ang negosyo ang kailangang magpatunay na may bisa pa rin ang kasunduan.

Mga extension ng panahon ng cooling-off

Tatagal ang iyong panahon ng cooling-off nang hanggang tatlong buwan kung ang salesperson o telemarketer ay:

- bumisita o tumawag sa iyo sa labas ng pinahihintulutang oras ng pagbebenta
- nanatili sa iyong ari-arian pagkatapos mong sabihin sa kanila na umalis
- hindi nagsabi ng layunin ng pagbisita o pagtawag
- hindi nagpakita ng pagkakakilanlan.

Tatagal ang iyong panahon ng cooling-off hanggang anim na buwan kung ang salesperson o telemarketer ay:

- hindi nagsabi sa iyo na ikaw ay karapat-dapat sa isang panahon ng cooling-off
- hindi nagbigay sa iyo ng nakasulat na kasunduan
- hindi nagbigay ang kanilang mga detalye sa pagkontak sa kasunduan
- nagbigay ng mga produkto o serbisyo sa panahon ng cooling-off
- tumanggap o humiling ng kabayaran sa panahon ng cooling-off period.

Kung pumaloob ka sa isang hindi hininging kasunduan sa consumer at sa tingin mo ay nalinlang ka tungkol sa iyong mga karapatan, at nais mong kanselahin ang kasunduan, kumontak sa iyong lokal na ahensya ng proteksyon sa consumer para sa tulong.

0285FT 2012

Para sa higit pang impormasyon, makipag-ugnay sa iyong lokal na ahensya sa pagprotekta sa consumer. Para sa tulong sa wika tumawag sa 13 14 50 (humiling ng isang interpreter sa iyong wika).

Australian Capital Territory

Office of Regulatory Services T. (02) 6207 0400

New South Wales

NSW Fair Trading T. 13 32 20

Northern Territory

Consumer Affairs T. 1800 019 319

Queensland

Office of Fair Trading T. 13 QGOV (13 74 68)

South Australia

Consumer & Business Services T. 13 18 82

Tasmania

Office of Consumer Affairs & Fair Trading T. 1300 654 499

Victoria

Consumer Affairs Victoria T. 1300 55 81 81

Western Australia

Department of Commerce T. 1300 30 40 54

Ang Australian Competition and Consumer Commission ay may pambansang responsibilidad para sa kumpetisyon, patas na pagkalakal at proteksyon ng consumer at maaring makipag-ugnay sa 1300 302 502.